Project Women STREAM
Strengthening, Empowering and Activating in Maguindanao

MWDECC
Moro Women Development and Cultural Center, Inc.

# Ilan ang magiging member ng Bangsamoro Parliament?



## Party Representative

50% (40 na MPs) ay magmumula sa Party Representative.

4% ng voters turnout ang katumbas ng isang party seat sa parliament.

## District Reperesentative

40% (32 seats) ng mga MPs ang dapat na ihalal mula sa single member parliament districts.

## Sectoral Representative

May nakalaan na hindi bababa sa 10% (8 seats) ng mga MPs para sa sectoral seats. Dalawa (2) ang reserved seats para sa mga Non-Moro Indigenous Peoples at settler communities, habang tig-isang seat naman para sa Women, Youth, Traditional Leaders, at 'Ulama.

# Ano ang Bangsamoro Electoral Code?

Ang Bangsamoro Electoral Code ay isang batas na naipasa ng Bangsamoro Parliament noong 2013, na nagtatakda ng mga patakaran sa eleksyon ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM).


Women's Peace & Humanitarian Fund
A United Nations & Civil Society Partnership

MWDECC
Moro Women Development and Cultural Center, Inc

UN WOMEN

https://www.facebook.com/MWDECC2009
mwdecc.2009@gmail.com
https://mwdecc.com

## Paano bumoto sa Parliamentary Elections?

Para sa District Representative, ang mga botante ay boboto ng isang (1) kandidato na kanilang nais na kumatawan sa kanilang distrito sa Parliament.

Sa Party Representative, ang iboboto ng mga botante ay ang Regional Parliament Political Parties na kanilang gusto. Ang mga elected parties ay makakatanggap ng tiyak na number of seats sa Parliament depende sa dami ng boto na kanilang matatanggap sa eleksyon.

## Paano ang proseso ng pagpili ng sectoral representatives?

Sa 2025 Parliamentary Elections, wala munang pagboto ang mangyayari para sa sectoral seats dahil ang bawat isa sa mga sectoral representatives ay ihahalal ng kanilang sektor sa pamamagitan ng isang 'assembly' na isasagawa ng mga accredited at registered sectoral organizations sa ilalim ng pangangasiwa ng Comelec.

Ngunit, sa 2028 Parliamentary Elections, para sa women, youth at settler communities, ang mga registered voters ng bawat sector ay ang siya lamang makakaboto para sa kanilang mapipiling representatives.

Para sa women at youth sectoral seats, ang magiging representative nila sa Bangsamoro Parliament ay ang mga makakakuha ng pinakamaraming boto, habang ang una at pangalawang may pinakamaraming boto sa settler communities ang siyang maihahalal para sa dalawang (2) seats na nakatalaga para sa kanila. (Art. IV (C), Sec. 17)

Para sa Non-Moro Indigenous Peoples, isang Committee na binubuo ng mga tribal leaders ng mga Indigenous Political Structures ng iba't ibang tribu ang bubuuin. Ang Committee ang magtatakda ng rotation arrangement para sa eleksyon ng kanilang dalawang (2) representatives sa Parliament. (Art. IV, Sec. 24)

Ang Ulama sectoral representative naman ay pipiliin sa pamamagitan ng proseso na sumusunod sa prinsipyong Shura (konsultasyon) at may pantay na pagkakataon para sa representasyon base sa isasagawang rotasyon.

Ang Bangsamoro Darul Ifta ay lilikha ng isang Ulama Council na bubuuin ng pitong (7) respetado at may kaalaman na religious leaders mula sa anim (6) na lalawigan ng BARMM at isa (1) mula sa Special Geographic Area. Ang Council ay magpupulong at mag-oorganisa ng Ulama Assemblies at Regional Ulama Convention. Ang Ulama sectoral representative ay pipilin sa isasagawang Ulama Convention.

## Boboto ba ang mga botante para sa Chief Minister?

Hindi. Ang mga botante ay boboto lamang para sa regional political parties, district representatives, at sectoral representatives.

Ang mga mananalo sa eleksyon na ito ang bubuo ng Parliament, at mula sa kanilang hanay pipiliin ang Chief Minister.

## Maaari pa bang mabago ang seat allocation sa Parliament?

Ang seat allocation sa Bangsamoro Parliament ay maaari lamang mabago ng Philippine Congress sa pamamagitan ng pagpasa ng batas na mag-aamyenda sa Bangsamoro Organic Law.